



Physicians Care Surgical Hospital

Nagsimula:	10/2017
Aprubado:	10/2017
Huling Nirebisa:	10/2017
Petsa na Mapaso (Expiration):	10/2020
May-ari:	Christopher Doyle:
Lugar ng Patakaran:	CEO Administration Vol 1
Mga reperensya:	

Patakaran sa Tulong Pinansyal

LAYUNIN:

Ang Physicians Care Surgical Hospital ("PCSH") ay committed sa paggamot sa mga pasyente nang may dignidad at konsiderasyon ano man ang kanilang mga sitwasyong pinansyal bilang pagsunod sa IRC Section 501 (r).

PATAKARAN:

Nagbibigay ang PCSH ng tulong pinansyal sa uri ng kawang-gawa na pangangalaga sa mga pasyente na nakatira sa lokal na lugar ng serbisyo na nangangailangan ng emergency at pangangalagang medikal na kailangan at sino mayroong naubos na o limitadong mga benepisyo sa insurance; at nakatutugon sa mga pamantayan ng kinikita ng sambahayan tulad ng inilarawan sa ibaba. Ang PCSH din, sa limitadong mga sitwasyon ay nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga kwalipikado para sa mga pamantayan sa medikal na pagka-maralita (medical indigency), tulad ng itinakda sa patakarang ito.

Isinasalang-alang ng PCSH ang kakayahan ng bawat pasyente na magbayad para sa kanyang emergency o medikal na kailangang pangangalagang medikal, at ibinibigay ang kawang-gawa na pangangalaga sa mga kwalipikadong pasyente na nakatira sa lokal na lugar ng serbisyo nito na hindi magawang magbayad para sa kanilang pangangalaga ayon sa patakarang ito. Itinatakda ng patakarang ito ang mga pamamaraan ng pagiging kwalipikado para sa kawang-gawa na pangangalaga ayon sa may-kaugnayang batas ng pederal, estado, at lokal.

Ayon sa mga regulasyon ng Federal Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA), ang mga pasyenteng humihingi ng emergency na pangangalaga sa PCSH ay hindi sakop ng pinansyal na screening bago ang pagtanggap ng pangangalaga. Bukod pa, hindi sasailalim ang mga pasyente sa mga aktibidad ng pangongolekta ng utang na hahadlang sa emergency na pangangalagang medikal. Ang paggawad ng tulong pinansyal ay hindi magdedepende sa edad, kasarian, lahi, sitwasyon sa lipunan o imigrasyon, oryentasyong sekswal, o panrelihiyong pagkakasanib. Tatakbo ang PCSH ayon sa lahat ng mga rekisito ng pederal, estado, at lokal para sa pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan, kabilang ang screening at mga rekisito sa paglipat sa ilalim ng Federal Emergency Medical Treatment and Active Labor Act (EMTALA).

MGA KAHULUGAN

Pangangalagang Medikal na Kailangan: Isang serbisyo, item, pamamaraan o antas ng pangangalaga na kailangan para sa wastong paggamot o pangangasiwa sa isang pagkakasakit o pagkontrol sa isang sakit, pinsala o kapansanan na:

- Pipigil, o makatwirang inaasahan na, pipigil sa pagsisimula ng sakit, kondisyon, pinsala o kapansanan.
- Pipigil, o makatwirang inaasahan na, magpapababa o magpapabuti sa pisikal, mental o pang-development na mga epekto ng sakit, kondisyon, pinsala o kapansanan.
- Tutulong sa pasyente na makamit o mapanatili ang maximum na kpaki-pakinabang na kapasidad sa pagsasagawa ng araw-araw na mga gawain, isinaalang-alang ang kapwa kapaki-pakinabang na kapasidad ng benepisyaryo at ang mga kapaki-pakinabang na kapasidad na angkop sa mga benepisyaryo ng kaparehong edad.

Panahon ng Aplikasyon: Ang panahon kung kailangan tatanggap at ipoproseso ng PCSH ang mga aplikasyon sa FAP. Ang panahong ito ay magsisimula sa pagtakbo sa petsa nang ibigay ang medikal na pangangalaga at matatapos sa ika-240 araw matapos ibigay ng PCSH sa pasyente ang unang billing statement ng ibinigay na pangangalaga.

Kawang-gawa na Pangangalaga: 100% libreng pangangalaga para sa medikal na kailangang mga serbisyo na ibinigay ng PCSH. Ang mga pasyenteng hindi insured o hindi sapat ang insurance para sa isang medikal na kailangang serbisyo, na mga hindi kwalipikado para sa kasaklawan ng pamahalaan o ng ibang insurance, at ang kinikita ng pamila ay hindi humigit sa 200% ng Mga Tuntunin sa Kahirapan sa Pederal (Federal Poverty Guidelines) ay kawalipikado para sa Kawang-gawa na Pangangalaga (Charity Care).

Mga Hindi Karaniwang Aksyon ng Pangangolekta (Extraordinary Collections Actions): Hindi ginagawa ng PCSH ang ECA

- A. Pagbenta sa utang ng isang tao sa kabilang partido.
- B. Pag-ulat ng taliwas na impormasyon sa mga ahensya ng pag-ulat ng kredito ng mamimili o mga credit bureau.
- C. Pagpapaliban o pagtanggì, o pangangailangan ng bayad bago magbigay ng Medikal na Kailangang Pangangalaga dahil ang hindi pagbabayad ng indibidwal sa isa o higit pang mga bill para sa naunang ibinigay na pangangalaga na saklaw sa ilalim ng patakarang ito.
- D. Mga aksyon na nangangailangan ng prosesong panlegal o panghudikatura, kabilang ngunit hindi limitado sa:
 1. Paglalagay ng lien sa isang ari-arian.
 2. Pag-attach o pagsamsam sa bank account ng indibidwal o alinmang ibang personal na pag-aari.
 3. Pagpapasimula ng isang sibil na aksyon.
 4. Pagdudulot ng pag-aresto sa indibidwal.
 5. Pagdudulot na ang indibidwal ay mapailalim sa pagdala sa kanya sa harap ng korte (writ of body attachment)
 6. Pagbawas sa sahod para sa utang (wage garnishment).

Billing at Halaga ng Kolekson na Siningil: Dahil ang PCSH ay nagbibigay ng kumpletong kawang-gawa na pangangalaga, at hindi sinisingil ang mga pasyente na kwalipikado para sa kawang-gawa na pangangalaga, ang mga pasyente na karapat-dapat para sa tulong pinansyal sa ilalim ng patakarang ito ay hindi sisingilin. Kaya, hindi kinakalkula ng PCSH ang halaga na pangkalahatang sinisingil o among generally billed (AGB). Mga aksyon sa kaganapan ng hindi pagbabayad: Kung ang bill ay hindi binayaran 120 araw o higit pa, maaaring magpadala ang PCSH ng account sa ahensyang nangangolekta para kolektahin. Habang nasa koleksyon, ang aplikasyon para sa tulong pinansyal ay tatanggapin anumang oras. Kapag natanggap ang aplikasyon, ititigil muna ang pangangolekta at ang mga pamamaraan kaugnay ng hindi kumpletong mga aplikasyon at mga pagtanggì, tulad ng nakatakda sa ibaba, ay ilalapat

Lokal na Lugar ng Serbisyo: Pennsylvania, New Jersey, Delaware

Medikal na Pagka-maralita (Medical Indigency): Sa kaso ng mga pasyente na nahaharap sa napakahirap na malaking medikal na mga bayarin, maaaring magrekumenda ang CEO sa sariling pagpapasya nito na ang pasyente ay medikal na maralita (medical indigent) at kaya kwalipikado para sa kawang-gawa na pangangalaga.

Physicians Care Surgical Hospital (PCSH): Ang lahat ng serbisyo na sinaskalaw sa ilalim ng patakarang ito ay isinasagawa sa Physicians Care Surgical Hospital (PCSH), na matatagpuan sa 454 Enterprise Drive, Royersford, Pennsylvania 19468. Ang EmCare Inc. United Anesthesia Services L.C, Montgomery Radiology Services, yMain Line Health Laboratories, Main Line Health, CBL Pathologies, Inc. Tingnan ang Appendix A.

PAMAMARAAN:

PAGPAPAKALAT SA PATAKARAN SA KAWANG-GAWA NA PANGANGALAGA

- A. Ang patakarang ito ay ilalathala sa pamamagitan ng mga karatula sa ospital at sa website ng ospital.
- B. Ang mga pasyente ay tatanggap ng:
 1. Isang buod ng payak na wika na naglalarawan sa Patakarang sa Tulong Pinansyal at kaugnay na mga pamamaraan, kabilang ang aplikasyon para sa tulong pinansyal.
 2. Tulong na nauunawaan ang Patakarang sa Tulong Pinansyal at pagkumpleto ng kaugnay na mga form.

SISTEMA NG MGA PAMAMARAAN AT DOKUMENTASYON NG PAGIGING KWALIPIKADO

KAWANG-GAWA NA PANGANGALAGA

- A. Bawat pasyente na humihingi ng Kawang-gawa na Pangangalaga ay kailangang kumpletuhin ang Form ng Aplikasyon sa Tulong Pinansyal at ilalipat ang alinman at lahat ng may kaugnayang dokumento. Inilalarawan sa itaas ang yugto ng aplikasyon, Kung inaprubahan ang tulong pinansyal, ang anumang halaga na binayaran sa pagitan ng petsa ng bill matapos makalabas (post-discharge bill) para sa panahon ng pangangalaga na inaplayan ng pasyente para sa tulong pinansyal at sa pagpapasya sa petsa ng pagiging kwalipikado para sa FAP ay ire-refund.
- B. Kakailanganin ang pagberipika ng kita ng isa o higit pa sa sumusunod: mga pay stub, mga W-2 form, tax returns, nakasulat na pahayag ng employer, at anumang iba pang kaugnay ng dokumentasyon. Ang ibang dokumentasyon na kailangan ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, mga kopya ng sumusunod:
1. Mga bayaring medikal
 2. Mga bayarin sa utility
 3. Mga stub sa pagbabayad sa sasakyan
 4. Mga resibo sa pag-upa
 5. Mga statement ng bangko
 6. Mga resibo ng alimony/sustento sa anak
 7. Mga resibo ng tulong ng pamahalaans
 8. Iba pang kinikita/mga statement ng pamumuhunan (hal., 401K)
- C. Hindi isaalang-alang ang pag-apruba ng aplikasyon na aprubado na para sa alinman o lahat ng account sa hinaharap. Mangangailangan ang bawat aplikasyon ng bagong impormasyon sa pagberipika para maisaalang-alang sa kawang-gawa.

PAGIGING MEDIKAL NA MARALITA (MEDICAL INDIGENCE):

Kung naghahangad ng medikal na pagiging maramita, kailangang punan ng pasyente ang aplikasyon sa pinansyal na tulong at magbigay ng impormasyon tungkol sa kinikita at mga ari-arian kung hiniling.

PROSESO NG PAG-APRUBA

- A. Kailangang aprubahan ng Bise Presidente ng Pananalapi ang lahat ng aplikasyon para sa kawang-gawa na pangangalaga at pagiging medikal na maralita.
- B. Ang bawat pasyente na nag-aaplay para sa kawang-gawa na pangangalaga ay kailangang gumawa ng pagsisikap na mabuti ang intensyon, ayon sa pinasyahan ng ospital, para makakuha ng kasaklawan mula sa mapapakinabangang mga programa sa pampublikong tulong tulad ng:
1. Medicare
 2. Medicaid
 3. Bokasyonal na rehabilitasyon
 4. Mga Biktima ng Krimen
 5. Mga Espesyal na Serbisyo sa mga Bata
 6. Programa ng simbahan

Kung ang pasyente ay tinanggihan ng pampublikong tulong, kailangan nilang magbigay ng dokumentasyon na nagtatanggi sa pagiging kwalipikado.

Ang isang pasyente na tatanggap mag-aplay o sumunod sa mga aplikasyon para sa ibang tulong ay hindi magiging kwalipikado para sa kawang-gawa na pangangalaga.

- C. Sa sitwasyon ng pasyente na nahaharap sa nakasasamang malaking mga bayaring medikal, maaaring magrekumenda ang CEO sa sariling pagpapasya nito na ang pasyente ay medikal na maralita (indigent) at kaya kwalipikado para sa kawang-gawa na pangangalaga. Ang pagpapasyang ito ay gagawin batay sa kaso at mangangailangan ng beripikasyon ng lahat ng medikal na gastos.
- D. Kung ang pasyente ay hindi kwalipikado para sa medikal na tulong sa pamamagitan ng mga tuntunin sa kawang-gawa na pangangalaga ng estado o ng pasilidad, basahin ang patakaran sa Mga Diskwento para sa Sariling Pagbabayad ng Hindi Insured na mga Pasyente.
- E. Ang mga pasyente kanino ang kinikita ay hindi lumalampas sa 200% ng pinakabagong Mga Tuntunin sa Kinikita ng Mahirap na inisyu ng Department of Health and Human Services ay magiging kwalipikado para sa buong kawang-gawa na pangangalaga matapos ang pagberipika ng trabaho, Ang mga tuntuning ito ay ina-update taon-taon. Ang pinakabagong Mga Tuntunin sa Kinikita ng Mahirap ay makikita tulad ng sumusunod: <http://aspe.hhs.gov/poverty>. Dahil ang PCSH ay nagbibigay lamang ng buong kawang-gawa na pangangalaga, at hindi sumisingil sa mga pasyenteng kwalipikado para sa kawang-gawa na pangangalaga, ang mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng patakarang ito ay hindi sisingilin. Kaya, hindi kakalkulahin ng DCSH ang mga halagang karaniwang sinisingil (AGB).
- F. Aabisuhan ang mga pasyente sa pamamagitan ng pagsulat kapag ang PCSH ay makapagpasya kaugnay ng kawang-gawa na pangangalaga. Ang mga pagpapasya ng pagiging kwalipikado sa kawang-gawa na pangangalaga ay gagawin sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng kumpletong Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong.
- G. Kung hindi kumpleto ang aplikasyon sa tulong pinansyal, aabisuhan ng PCSH ang pasyente sa loob ng 30 araw. Magkakaroon ang pasyente ng karagdagang 30 araw para magbigay ng karagdagang impormasyon na hiningi.
- H. Ang Form ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal kasama ng anumang may kaugnayang pansuportang dokumentasyon, ay dapat ibalik sa tanggapan ng negosyo para sa pag-reconcile ng account at sa angkop na write-off na inilapat sa account bago ang pagsasara ng accounting month. Ang mga write off ay dapat isasagawa gamit ang angkop na writ-off code ng kawang-gawa na pangangalaga.
- I. May karapatan ang ospital na baligtarin ang pag-apruba sa kawang-gawa na pangangalaga kung ang impormasyong ibinigay ng pasyente sa aplikasyon ay matukoy sa bandang huli na pineke o isang bayad para sa mga serbisyo na nakuha mula sa ibang source (pinagmulan ng serbisyo).
- J. Hindi ipatutupad ng PCSH ang anumang aksyon na pangongolekta laban kaninuman na kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng patakarang ito at hindi gagawin ang mga hindi karaniwang mga aksyon ng pangongolekta (tulad ng inilarawan sa itaas) laban sa sinumang indibidwal nang hindi muna gumawa makatwirang mga pagsisikap para matukoy kung ang pasyente ay kwalipikado para sa tulong pinansyal. Papasyahan ng Bise Presidente ng Pananalapi kung nagawa ang makatwirang mga pagsisikap.

MGA TANONG O TULONG NA KAILANGAN:

Kung nangangailangan ka ng tulong tungkol sa FAP, o kung nangangailangan ka ng tulong sa pagkumpleto sa aplikasyon na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Billing Office sa pamamagitan ng telepono sa (610) 495-3330. Ang personal na tulong ay makukuha rin sa pamamagitan ng paghiling ng isang Business Office Associate sa Registration Desk ng Physicians Care Surgical Hospital sa 454 Enterprise Drive in Royersford, PA 19468.

APPENDIX A – TALAAN NG PROVIDER

EmCare Inc., United Anesthesia Services, L.C., Montgomery Radiology Associates, Main Line Health Laboratories, Main Line Health, CBL Pathologies, Inc.

Mga kalakip:

Form ng Aplikasyon sa FAP

Mga Pirma ng Pag-apruba

Taga-apruba

Petsa

Christopher Doyle: CEO

10/2017

KOPYA